COUNTY NG LOS ANGELES TAGAPAGREHISTRO-TAGAPAGTALA/ KLERK NG COUNTY

MGA BOTANTE NA MAY KRIMINAL NA KASAYSAYAN

Ang ilang mga taga-California na nakakulong sa mga kulungan sa County ng Los Angeles ay karapat-dapat pa ring bumoto.

MGA KINAKAILANGAN SA PAGIGIGING KARAPAT-DAPAT

Maaari kang magparehistro upang bumoto at bumoto kung ikaw ay:

- Isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California,
- 18 taong gulang o mas matanda sa Araw ng Halalan,
- Hindi kasalukuyang nagsisilbi sa isang estado o pederal na termino sa kulungan para sa hatol ng isang mabigat na pagkakasala, at
- Hindi kasalukuyang ipinasiya ng isang hukuman na walang kakayahang ang isipan upang bumoto

MGA TAONG MAY KRIMINAL NA KASAYSAYAN NA **MAAARING MAGPAREHISTRO AT BUMOTO:**

- Sa kulungan ng county:
  - Pagsisilbi ng sintensya sa maliit na pagkakasala (Ang isang maliit na pagkakasala ay hindi kailanman makakaapekto sa iyong karapatan sa pagboto)
  - Dahil ang pagkakakulong ay isang kondisyon ng probasyon (maliit na pagkakasala o peloni)
  - Nagsisilbi ng isang sentensiya ng peloni sa kulungan
  - Naghihintay ng paglilitis
- Nasa probasyon
- Nasa parol
- Nasa ipinag-uutos na pangangasiwa
- Nasa katatapos-pa lamang na pagpapalaya sa pangangasiwa ng komunidad
- Nasa pederal na pangangasiwang paglaya
- Isang kabataan na napagpasiyahan ng korte na may pagkakasala na nasa ilalim ng pangangalaga

MGA TAONG MAY KRIMINAL NA KASAYSAYAN NA **HINDI MAAARING MAGPAREHISTRO AT BUMOTO:**

Kasalukuyang nagsisilbi ng isang estado o pederal na termino sa kulungan para sa paghatol ng isang peloni na nakakulong sa:

- Kulungan ng Estado
- Kulungan ng Pederal
- Kulungan ng County o mga pasilidad ng pagwawasto*

TANDAAN: Kapag natapos mo na ang pagsisilbi sa iyong termino, ang iyong karapatang bumoto ay ibinabalik; gayunpaman, ikaw ay dapat magparehistro online sa **registertovote.ca.gov** o sa pamamagitan ng pagpuno ng papel na kard ng rehistrasyon ng botante.

*Ang Kodigo ng Pagpaparusa ng California seksyon 2910 ay nagpapahintulot sa Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon ng California (CDCR) na gumawa ng mga kasunduan sa mga lokal na pamahalaan na ilagay ang mga may malaking pagkakasala sa isang kulungan ng county o iba pang pasilidad ng pagwawasto. Ang isang taong nagsisilbi ng sentensiya ng pagkakulong ng estado na nakakulong sa isang lokal na kulungan o iba pang pasilidad sa ilalim ng mga sitwasyong ito ay hindi pinapayagang magparehistro at bumoto.

ANG MGA MATERYALES SA HALALAN AY IBINIBIGAY NG PASILIDAD NG KULUNGAN KUNG SAAN KA ITINALAGA

1. Kumpletuhin ang isang porma ng Paghiling ng Nakabilanggo sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek sa kahon ng “Impormasyon sa Pagboto”. Makikipag-ugnayan sa iyo ang tagapag-ugnay ng pagboto. Dapat kang magparehistro upang bumoto nang hindi bababa sa 15 araw bago ang Araw ng Halalan.
2. Punan ang kard ng Rehistrasyon ng Botante at ang aplikasyon ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. **Isama ang iyong booking # sa bawat** Pagbalik na pareho sa tagapag-ugnay ng pasilidad ng pagboto o sa kanilang itinalaga, o magbigay ng sarili mong selyo at ibalik sa pamamagitan ng koreo ng U.S.
3. Kapag natanggap mo ang iyong balota, markahan ang iyong mga pinili at ibalik sa tagapag-ugnay ng pagboto ng pasilidad o sa kanilang itinalaga.

Ang mga nakumpletong porma sa pagpaparehistro ng botante, mga aplikasyon ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na mga balota ay dadalhin sa ligtas na paraan papunta at mula sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga kinatawang tauhan o ng Serbisyong Pangkoreo ng US.

PAGLAYA MULA SA PAGKAKABILANGGO

- Magparehistro muli upang bumoto kapag ikaw ay pinalaya mula sa pagkakabilanggo.
- Ang mga porma sa pagpaparehistro ay makukuha sa karamihan ng mga pampublikong aklatan at opisina ng pamahalaan o online sa LAVOTE.GOV
- Kung ikaw ay pinalaya bago mo matanggap ang iyong balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, pumunta sa isang Sentro ng Pagboto sa Araw ng Halalan at humiling ng isang Pansamantalang Balota.

Rev. 4/2022